



# Mga Driver at High Visibility Safety Apparel (Kasuotang Pangkaligtasan para Madaling Makita)

“Anong kulay ng mga high visibility vest ang kailangang suotin ng mga driver kapag sumasakay at lumalabas lang ng kanilang mga sasakyan sa gilid ng kalsada- pero walang kasamang gawain sa kalsada.”

Ang artikulong ito para sa kaligtasan ay mula sa tanong ng miyembro ng RPM:

“Anong kulay ng mga high visibility vest ang kailangang suotin ng mga driver kapag sumasakay at lumalabas lang ng kanilang mga sasakyan sa gilid ng kalsada- pero walang kasamang gawain sa kalsada”.



Kailangan ng kasuotang pangkaligtasan para madaling makita (high-visibility safety apparel, HVSA) kung magtatrabaho ka sa lugar na madilim ang ilaw at di masyado makakakita, lalo na kung magtatrabaho ka kasama ng mga umaandar na sasakyan (mga kotse, truck o iba pang makinarya na nagbibiyaha gamit ang sarili nitong power, tulad ng forklift). Pinahihintulutan ka ng mga high-visibility item na makita ng mga driver ng mga sasakyan na iyon mula sa mas malayo para makatugon kaagad sila, na nakadaragdag sa kaligtasan mo sa trabaho.

Tumutugon nang pinakamahasag ang mata ng tao sa malaki, salungat ang kulay, maliwanag o umaandar/gumagalaw na mga bagay. Napapaganda ang visibility ng manggagawa sa pamamagitan ng high color contrast sa pagitan ng damit at ng kapaligiran ng trabaho kung saan ito nakikita. (CCOHS)


Bagaman walang partikular na kulay na kailangang isuot ng mga propesyonal na truck driver kapag lumalabas at pumapasok lang ng kanilang mga truck, mayroong mas maganda at pinakamagandang mga kasanayan na kaugnay sa nasabing mga aktibidad, kabilang ang:

- anong mga uri ng kasuotang pangkaligtasan para madaling makita ang inirerekomendang suotin ng mga propesyonal na driver, batay sa antas ng panganib ng kapag nagtatrabaho ang mga driver sa gilid ng kalsada
- kapag kailangan mo ng kasuotan para madaling makita (high visibility apparel)
- paglalagay ng mga logo sa high visibility apparel
- ang iba’t ibang klase ng kasuotang pangkaligtasan, at ang mga antas ng panganib ng mga partikular na uri ng trabaho
- mga detalye tungkol sa pagsasanay tungkol sa high visibility apparel

Ang mas maganda at pinakamagandang mga kasanayan na ito ay makikita sa website ng CCOHS.

Gayunpaman, ang pinakamagandang kasanayan ay hikayatin at ipatupad ang inaasahan para lumabas at pumasok ang mga propesyonal na driver sa pintuan para sa pasahero. Tumutulong itong bawasan ang panganib na malagay ang mga sarili sa panganib ng trapiko ng sasakyan. Para sa higit pang impormasyon:

## PAGKAKASUNUD-SUNOD NG MGA KONTROL PARA SA PELIGRO



- Bahagi 20 ng Regulasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho ng Manitoba: Naaangkop ang Trapiko ng Sasakyan at Tao sa (a) bawat lugar ng trabaho kung saan may panganib sa kaligtasan o kalusugan ng isang tao dahil sa paggalaw ng trapiko ng sasakyan.
- Bahagi XII ng Kodigo sa Paggawa ng Canada – Kagamitan bilang Proteksyon at Iba pang Hakbang na Pang-iwas, 12.17 Proteksyon sa Mga Umaandar na Sasakyan

### Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Ang RPM ay nagbibigay ng kursong Fleet Safety Managers, limang araw na kurso (magkakasunod na Martes) na tutulong sa mga safety manager na malaman kung paano matutukoy, maa-assess, at mapipigilan ang mga panganib sa pamamahalaga ng kaligtasan ng grupo, pati rin kung paano malalaman ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga unit ng organisasyon at maimpluwensiyahan ang mga magandang resulta sa kaligtasan. Ang pagsasanay na ito ay magbibigay ng mga kakayahan para bumuo at magpatupad ng patakaran at pamamaraan at ng pag-unawa ng mga paraan ng pagbuo ng mga model para matuto at magturo sa nasa hustong gulang.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!



## RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5